INTEGRASYON NG EKONOMIYA: SUSI SA KAUNLARAN

Tereso S. Tullao, Jr.

Nagiging mistulang ekonomista, kung hindi man pantas o pilosopo, ang marami sa atin kapag nabubuhol tayo sa trapiko sa Maynila, tumatawag sa telepono sa probinsya, sinisinghot ang usok at polusyon mula sa mga sasakyan, hinaharang ng gagabundok na basura, nilalamog ng baku-bakong kalsada, at tinatakot ng lumalaganap na kriminalidad at kahirapan.

Tulad ng mga pantas ay nagtatanong tayo sa mga pinagmulan ng ating panlipunang problema. Bilang mga ekonomista, humahanap tayo ng mga solusyon sa kumunoy na lumulunod sa ating kabuhayan at kaunlaran. Sapat na bang matuwa tayo na apat na oras na lamang ang brownout imbes na pitong oras? Tatanggapin na lang ba natin nang maluwag sa ating kalooban na walang tubig kapag tag-araw at lubog tayo sa baha kapag tag-ulan? Ito nga ba ang ating kapalaran: ang maging kulelat na ekonomya ng ASEAN?

Ang ating bansa ang tinaguriang sakiting ekonomiya ng ASEAN. Ang avereyj na taunang paglaki ng tunay na pambansang kita ay naitakda lamang sa 4.4 porsyento sa nakaraang administrasyong Aquino. Ito ay mababa sa 6.8 porsyentong target ng Medium Term Development Plan noong 1987-1991. Nitong nakaraang mga taon ay hindi lamang bumagal ang ating paglaki ngunit umatras pa tayo.

Habang ang ating mga kapitbansa sa ASEAN ay masiglang nagsisisulong, ang ekonomiya ng Filipinas ay umurong ng 0.1 porsyento noong 1991 at matamlay na umusad lamang ng 1.2 porsyento nitong 1992.

Unang binigkas bilang Panayam Propesoryal Don Santiago Syjuco Gawad Propesor sa Ekonomiks noong Pebrero 3, 1993 sa Ariston Estrada Seminar Room ng Pamantasang De La Salle.

Ayon sa mga ekonomista ng pamahalaan, ang matamlay na rekord ng ating ekonomiya ay bunga ng mga dahilang external at internal. Sa labas ng bansa, nariyan ang malalang resesyon sa Estados Unidos at iba pang industriyalisadong bansa na nakaapekto sa ating exports. Sa loob ng bansa, ang malaking ibinabayad sa utang, mahinang rekord ng exports, mga industriyang nakatali sa pag-aangkat, at mahinang pagpasok ng dayuhang kapital ay siyang nagpahina sa ekonomiya.

Nagbigay din ng panganib ang mga salik na ito sa katatagan ng ating ekonomiya. Lumawak ang agwat ng pambansang produksyon sa kabuuang pambansang gugulin. Nagpakita ang disekilibriyo ng ekonomiya sa lumalaking defisit ng badjet ng pamahalaan, mabilis na implasyon at malawak na defisit sa pangkasalukuyang transaksyon ng balance of payments.

Mula 1987 hanggang 1991, ang defisit sa badjet ng pamahalaan ay umaabot ng 2.6 porsyento ng pambansang produksyon. Malaking bahagi nito ay tinutustusan ng pangungutang sa loob ng bansa na nagpataas naman sa tanto ng interes at nagpabagal sa pangangapital ng mga negosyante. Samantala, ang tanto ng implasyon ay umabot nang 17.7 porsyento noong 1991 mula sa napakababang 0.8 porsyento noong 1986. Ang defisit sa ating pangkasulukuyang transaksyon sa balance of payments ay lumala noong 1990 at umabot sa 6.1 porsyento ng GNP. Malaking bahagi ng deficit na ito ay tinustusan ng dayuhang pangungutang.

Pinigilan ang lumalalang disekilibriyo sa ekonomiya sa pamamagitan ng mahigpit na patakarang fiscal at monetaryo. Ito naman ang naging sanhi ng mabagal na paglaki ng ekonomiya.

Samakatuwid, ang pinagpipiliang layunin ng ating mga pinuno ay ang katatagan ng ekonomiya o ang paglaki ng ekonomiya. Sa harap ng disekilibriyo sa ekonomiya, ang mabilis na paglaki ay lalong magpapalala sa implasyon at magpapahina sa katatagan ng ekonomiya. Ngunit sa harap ng mabagal na paglaki, ang pagtataguyod ng patakarang pang-estabilisasyon ay lalong magpapabagal sa paglaki ng matamlay nang ekonomiya.

ILANG PANANAW SA KASALUKUYANG LAGAY NG EKONOMIYA

Sa harap ng panunumbalik ng demokrasya na hinaluan ng ating kulturang mapanisi, marami pa rin ang nagbibintang sa rehimeng Marcos bilang pangunahing sanhi sa pagpapahina ng ating ekonomiya. Ang isyu ng nakaw na yaman, behest loans at malawakang dayuhang pangungutang ang siyang nagpabigat sa pasanin ng gobyerno sa bayaran ng napakalaking utang. Samantala, ang crony capitalism ay nagbigay daan sa pagbuo ng mga monopolyo sa industriya. Sa panahon din ni Marcos biglang lumawak ang sakop at direktong pangangasiwa ng pamahalaan sa mga industriya at korporasyon.

Hindi rin natin malilimutan ang pangangapital sa mga proyektong tinustusan mula sa kaban ng bayan na wala halos makabuluhang kontribusyon sa pangkalahatang kapakanan. Ang ganitong pag-aaksaya ng kapos na yaman ay nangyari din sa pagtataguyod ng mga maaambisyong industriya.

Nang maluklok si Cory Aquino, ang pagbabalik ng mga institusyong demokratiko ang kanyang inatupag. Sa larangan ng ekonomiya, winasak niya ang mga monopolyong kontrolado ng mga taong malalapit sa nakaraang rehimen, isinapribado ang maraming korporasyong hawak ng pamahalaan, at pinilit na pasiglahin ang matamlay na ekonomiyang iniwan ni Marcos. Subalit, hindi naging matagumpay ang kanyang hangaring maging milagrong ekonomiya ang Filipinas dahil na rin sa dami ng mga tangka sa katatagang pulitikal, mga sakunang dinanas ng bansa at sa pananaw ng ilan na kulang sa karanasan ang namumuno. Ang kasalukuyang krisis sa enerhiya ay ibinibintang sa administrasyong Aquino.

Sa harap ng matinding pagpapahalaga natin sa demokrasya samantalang gumagapang lamang ang ating ekonomiya, hindi makapagpigil ang dating Punong Ministro ng Singapore Lee Kwan Yu na magsabi na "sobra tayo sa demokrasya kulang naman sa disiplina." Sa isang bansang nais umunlad, ang kinakailangan ay pagkakaisa, tulin at episyente ng disiplina at hindi ang mga ingay, pagtatalo at bagal ng demokrasya.

Ang demokrasyang ibinabantayog natin sa mundo ay nagiging sanhi ng ating kahinaan dahil sa pangingibabaw ng mga negatibong aspekto nito. Tinatanaw tayo sa labas ng bansa bilang magulo at mabagal na ekonomiya. Bunga nito, ang Filipinas ay nakakuha ng pinakamaliit na bahagi ng mga dayuhang kapital na ipinundar sa ASEAN nitong mga huling taon.

Kasama ng humihinang imprastruktura ng mga yamang pisikal ay ang rumurupok na pagpapahalaga ng mga tao sa kanilang sarili. Sa mga taong naniniwala sa kahalagahan ng moralidad at kultura sa pag-unlad ng isang bansa, ang unti-unting pagwasak ng dangal ng mga tao ay maaaring mauwi sa paghina ng pagtitiwala sa kakayahan ng mga Filipino. Dahil sa kahirapan, kababaan ng dangal at mga pwersang external, marami sa atin ang nawawalan ng pag-asa hindi lamang sa ating sarili kundi sa ating lipunan.

Hindi rin natin masisisi ang mga dayuhan na iwasan ang Filipinas sa kanilang pamamasyal at pamumuhunan kung ang mga Filipino mismo ay nag-aalisan sa ating bansa. Bilangin na lamang ninyo ang mga Filipinong pumipila sa iba't ibang embahada upang makapagtrabaho sa lahat halos na sulok ng daigdig. Ayon sa isang pag-aaral, mas marami sa mga kabataang Filipino ang nagnanais maging dayuhan kaysa maging Filipino. Sa aking palagay ito ay refleksyon ng humihinang pagtitiwala sa ating sarili.

Sa larangan ng economics, marami nang pagsisiyasat ang isinagawa upang tukuyin ang mga sanhi ng problema ng ating lipunan. Naglalabas ang World Bank, IMF, Asian Development Bank, NEDA ng kani-kanilang

taunang report tungkol sa ating ekonomiya. Nariyan din ang napabantog na Krugman Report (1990). Ayon sa huling report, inilarawan ang takbo ng ating ekonomiya bilang isang walang patid na siklo ng "biglang sigla at tuluyang paglaho."

Ang pangunahing dahilan kung bakit hindi natin maipagpatuloy ang pagsigla ng ekonomiya ay ang lumalawak na kakulangan ng pambansang produksyon sa pambansang gugulin. Nagkakaisa ang mga ekonomista sa loob at labas ng bansa na sa paglutas ng pangunahing problemang ito ay kakailanganin ang pagpapataas sa paglikom ng pondo upang tustusan ang mga proyektong pangangapital. Samakatuwid, ang pamumuwis at pag-iimpok sa loob ng bansa ay dapat palawakin kasabay ng paghihikayat ng dayuhang pondo. Samantala, ang defisit sa kasalukuyang transaksyon ng balance of payments ay maaaring tugunan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng exports at isang makatotohanang palitan ng salapi.

Sa mga modelong nagsisiyasat sa pag-unlad ng mga bansa, ang kombinasyon ng produktibidad at pagsasakripisyo ay lagi nang nangingibabaw. Kung titingnan ang modelo nina Harrod (1939), Domar (1946), Solow (1956), at Kaldor (1957), ang dalawang salik na ito ang kanilang pinagtuunan ng pansin. Kasama sa pagsasakripisyo ay ang paglalaan sa hinaharap mula sa kasalukuyang yaman sa pamamagitan ng pag-iimpok, pamumuwis at pagluluwas.

KAWALAN NG INTEGRASYON: DAHILAN NG MATAMLAY NA EKONOMIYA

Sa mga bansang papaunlad, mahalaga rin ang pag-iimpok at produktibidad sa kanilang pagsulong subalit mas krusyal ang ginagampanan ng integrasyon ng ekonomiya upang maani ang mga kontribusyon ng produktibidad at pagsasakripisyo sa kaunlaran.

Sa mga pag-aaral nina Lewis (1954), Fei (1961), Ranis (1961) at Jorgenson (1961), ipinahiwatig ang kahinaan, kung hindi man ang kawalan, ng integrasyon ang pangunahing dahilan kung bakit hindi agarang makausad ang mga bansang mahihirap.

Ang konsepto ng duwalismo ay ginamit sa iba't ibang larangan ng agham panlipunan pati na sa economics upang tukuyin ang kawalan ng integrasyon ng isang ekonomiya. Ayon sa konsepto, ang humahadlang sa pag-unlad ng isang mahirap na ekonomiya ay ang mahina o kawalan ng pagkakaugnay ng mga sektor. Samakatuwid ang ekonomiya ay tumatakbo hindi bilang isang sistema ngunit dalawa o higit pang magkahilerang sistema na halos hindi magkakaugnay.

Ang kaunlaran ay maaaring tingnan bilang estado ng integrasyon. Dahil ang mga bilihan, produktibong sektor at industriya ay magkakaugnay na

tumatakbo bilang bahagi ng isang sistema, ang pagsulong ng isang sektor ay nakaaapekto sa ibang sektor. Hindi lamang balanse ang pag-unlad ngunit malaganap din.

Isang uri ng duwalismo ay sa larangan ng kultura. Ayon sa teorya ni Boeke (1953), ang sanhi ng kabagalan ng paglaki ng ekonomiya ay ang mga katangiang tradisyunal ng mga mamamayan nito. Sinasabing hindi angkop ang mga katangiang ito sa kultura ng modernismo. Hindi nagkakatugma ang simpleng pamumuhay sa layuning magpalawak ng yaman. Ayon sa sosyolohistang si Inkeles (1974), may mga kinakailangang katangian ang mga tao upang makapagtrabaho at magtagumpay sa isang modernong estado. Ipinagpapalagay na sa pag-unlad ng isang ekonomiya, ang mga masisigasig, mapaghanap ng oportunidad, maingat sa paggamit ng oras, at kumikiling sa pwersa ng bilihan ang nagpapatakbo nito at nagtatagumpay.

Ngunit ang ganitong pananaw sa kakulangang kultural ay pinabulaanan ng maraming pag-aaral ng mga ekonomista tulad ni Theodore Schultz (1964) na nagpakita na kumikiling din sa mga materyal na bagay ang mga magsasaka sa tradisyunal na sektor. Wika nga ni Jagdish Bhagwati (1984) sa puna na masyadong relihiyoso ang mga Indian, "hindi nawawala ang pagkamateryoso nila sa harap ng ispiritwal na pananaw ngunit mas materyoso lamang ang ibang tao kasya kanila."

Ang isa pang uri ng duwalismo ay bunga ng teknolohiyang ginagamit ng mga produktibong sektor ng ekonomiya. Ang modernong sektor ay kumikiling sa paggamit ng kapital at nagbabayad ayon sa produktibidad ng mga manggagawa. Ang kahilerang sektor ay mas tradisyunal na gumagamit ng mga makalumang teknolohiya at magaang nakakatanggap ng maraming manggagawa. Sa harap ng lumalaking populasyon, ang kakitiran ng modernong sektor na tanggapin ang sobrang manggagawa mula sa tradisyunal na sektor ang pangunahing dahilan kung bakit hindi integrado ang dalawang sektor. Ito ay nauuwi sa mabagal na pag-unlad ng isang ekonomiya.

MANIPESTASYON NG DUWALISMO

Nitong mga huling dekada, humina na ang popularidad ng teorya ng duwalismo bilang batayan sa pagpapaliwanag ng mabagal at matamlay na paglaki ng mga ekonomiyang mahihirap. Marahil ito ay sanhi ng mga ipinagpapalagay ng teorya na pinatunayang hindi makatotohanan ng mga pag-aaral sa disiplina. Subalit, hindi nangangahulugan na ang konsepto ng duwalismo ay nawala na sa ating kapaligiran.

Malaki pa rin ang aking paniniwala na mabigat na pananaw ito sa paghahanap natin ng susi sa ating kaunlaran. Kung susuriin ang ekonomiya ng Filipinas, hindi maiiwasan na maobserbahan ang napakaraming halimbawa kung saan ang duwalismo ay lumalabas at nararanasan.

Ang Malawak na Sektor Impormal. Una, laganap sa ating bansa ang sektor impormal. Tinatawag din ito sa literatura bilang underground economy, shadow economy, hidden economy o black economy (Quesada, 1987). Ito ay tumatakbo sa labas ng mga legal o pormal na istruktura ng kalakalan na ipinapatupad ng pamahalaan ngunit hindi naman ipinagbabawal (Herrle, 1982, Gatchalian, 1986, Quesada, 1987). Ang impormal na sektor ay maaaring hatiin sa mga gawaing di-sakop ng bilihan at mga negosyong sinasakop nito. Kasama sa unang kategorya ang mga sariling-gawa at mga gawaing sibiko at kawang-gawa. Sa ikalawang kategorya ay may tatlong halimbawa: mga negosyong hindi rehistrado at hindi nagbabayad ng buwis; mga negosyong rehistrado sa pamahalaan at nagbabayad ng buwis ngunit kulang at yaong mga gawaing ilegal (Masilungan, 1988, Fiege, 1989).

Ayon naman kay S.M. Miller ang sektor impormal ang pinagmumulan ng mga matagumpay na empresaryo. Ngunit sa ating bansa ang potensyal na ugnayan ng impormal at pormal na sektor ay hindi lubusang maipatupad at mabuo dahil napakataas ng antas ng teknolohiyang ginagamit ng malalaking industriya at kulang sa impormasyon hinggil sa kakayahan ng mga maliliit na industriya na isagawa ang sabcontracting.

Malawak at marami ang katapat na ekonomiyang impormal sa mga pangunahing sektor at industriya ng ating ekonomiya. Nariyan ang Binondo Central Bank na kahilerang tumatakbo ng Bangko Sentral ng Filipinas. Sa maraming pag-aaral ni Lamberte (1988, 1990) ay inilahad niya ang lawak ng sektor impormal sa pananalapi at kredito. Ang mga mahihirap na mamamayan, maging taga-nayon o taga-syudad, na hindi makautang sa mga pormal na bangko ay tumatakbo sa mga patubuan, paluwagan, sanglaan, credit union, at iba pang galamay ng impormal na sektor.

Sa larangan ng serbisyo, lumalabas ang sektor impormal sa sistemang pakyawan o arawan ng mga karpintero at pintor sa konstruksyon ng mga bahay, sariling-gawa, mga mekanikong nangungumpuni ng mga jeep, mga labanderang arawan, at mga karinderya. Kung isasama natin ang mga ilegal na gawain, ang kidnaping, prostitusyon, pagbebenta ng ipinagbabawal na gamot, at smuggling ay kasama sa sektor impormal.

Mahinang Kapit ng mga Industriya. Isa sa mga pangunahing katangian ng ating ekonomiya ay ang kahinaan ng integrasyon. Ito ang lumalabas na kongklusyon sa maraming pag-aral na nagsasaad na ang mga lokal na industriya ay palaasa sa pag-aangkat. Marami sa ating mga industriya ay mahihina ang kapit sa isa't isa. Hindi lamang sa ugnayang impormal at pormal marupok ang kapit, naoobserbahan din ang kahinaan sa mga relasyon ng mga industriya sa pormal na sektor. Kung minsan, ang kapit ng mga ito ay mahihigpit pa sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagluluwas ng kanilang produkto at pag-aangkat ng mga hilaw na sangkap.

Ayon sa pag-aaral nina Ong, Ligot at Racasa (1992), makikita ang pagkakaugnay ng mga industriya sa pamamagitan ng pagsusuri sa istruktura ng pagbibili ng input at pagbebenta ng kanilang produkto. Sa agrikultura, ang industriya lamang ng poltri ang masasabi nating malawak ang kapit samantalang karamihan ng mga industriya sa sektor na ito ay may makabuluhang kapit na hindi lalagpas sa tatlong industriya. Mula kalahati hanggang 95 porsyento ng idinagdag na halaga (value added) ay galing mismo sa loob ng industriya. Samantala, ang industriya ng saging ay may malakas na kapit sa ibang bansa sa pagluluwas nito ng 37 porsyento ng produksyon.

Mahina rin ang kapit ng mga industriya ng minahan sa ibang sektor ng ekonomiya. Sa isang pagkakataon, mas malawak pa ang kapit sa ibang bansa ng industriya ng chronium na nagluluwas ng hanggang 57 porsyento ng kabuuang produkto.

Ang sektor ng manufacturing ay mas higpit ang kapit sa ibang industriya kung ihahambing sa agrikultura at minahan. Marami sa mga ito ay may makabuluhang kapit na hindi lalagpas sa apat na industriya. Ang pagmamanufactura ng pagkain ay itinuturing may pinakamalawak na kapit na umabot sa 7 industriya.

Mahigpit na Kapit sa Labas ng Bansa. Binanggit natin ang industriya ng saging sa agrikultura at chromium sa minahan na mas malakas ang kapit sa labas ng bansa. Marami sa ating mga industriyang nagluluwas ay mahihigpit din ang kapit sa ibang bansa kaysa industriyang domestiko. Ibinabantayog natin ang papel ng industriya ng damit, tela, sapatos at electronics bilang pangunahing industriyang nagluluwas. Subalit ang mga ito rin ang siyang pangunahing taga-angkat ng mga hilaw na materyal. Tinatantiya na mababa sa 20 porsyento ng kita ng mga exports ay mga idinagdag na halaga sa loob ng bansa. Malaking bahagi ng kanilang value added ay nagtutungo sa labas ng Filipinas.

Duwalismo sa mga Rehiyon at Mahinang Sistema ng Komunikasyon. Kung titingnan natin ang distribusyon at lawak ng espasyo ng kaunlaran, makikita na nakatumbok ito sa kamaynilan at sa iilang malalaking syudad sa Visayas at Mindanaw. Bakit ganito ang nangyari? Ayon kina Pernia (1986), Herrin (1986) at Paderanga (19?) ito ay bunga ng mga patakarang ekonomikong ipinatupad na pumapabor sa malalaking industriya sa kamaynilaan.

Totoong sa simula't simula pa ay talagang maunlad na ang Maynila dahil matagal na itong sentro ng komersyo, pamahalaan, edukasyon, at kultura ng ating bansa. May naitayo na ring network sa komunikasyon at iba pang imprastruktura sa kamaynilaan. Ang ginawa ng mga patakarang ekonomiko ay lalong pasiglahin ang kamaynilaan at kaligtaan ang sektor na rural. Ito ay naghikayat sa mga tao at industriyang magsilipat sa kamaynilaan at umalis sa kanayunan. Dahil dito, naging hati ang lawak ng pag-unlad. Narito ang isang

bansa na masigla ang iilang syudad at integrado sa labas ng bansa samantalang naghihikahos ang mga liblib na lugar na mistulang napakalayo sa mga sentro ng bansa. Madalas marinig na mas murang ipadala ang produkto ng Mindanaw sa Japan kaysa ipadala ito sa Maynila dahil sa kahinaan ng sistemang transportasyon. Madali ring tawagan ang Hongkong, Tokyo at New York kaysa tumawag sa Lipa, Legaspi o Aparri.

Duwalismo sa Wikang Gagamitin. Sa larangan ng kultura, lumalabas ang duwalismo sa wikang gagamitin sa pulitika, edukasyon at komunikasyon. Ayon sa pag-aaral ni Gonzalez at Bautista (1986) malawak na at lumalawak pa ang dami ng mga Filipinong nakauunawa ng Filipino batay sa Tagalog. Subalit napakalakas pa rin ng pwersa upang ipagpaliban ang paggamit nito bilang wika sa edukasyon, pamahalaan, hustisya, at komersyo. Iginigiit natin ang wikang Ingles dahil ginagamit ito sa komersyong internasyonal. Ang ganitong oryentasyon ay nagpapakita lamang ng isa pang uri ng duwalismo. Mas nanaisin nating maging integrado sa labas ng bansa kaysa mapalakas at mapataas ang antas ng komunikasyon ng mga kababayan nating hindi lubusang nakakaunawa at nakikinabang sa wikang Ingles.

Duwalismo sa Edukasyon. Ang oryentasyon natin sa edukasyon ay halos katulad ng naunang argumento sa wika. Marami nang naisulat si Constantino (1982) tungkol sa maling edukasyon ng mga Filipino. Sa mga sulatin naman ni Tullao (1990), binanggit ang oryentasyong external bilang sanhi ng brain drain. Marami sa ating mga mag-aaral ang nagsisikuha ng mga popular na kurso tulad ng computer science, nursing, physical therapy, medicine at marine engineering upang magtrabaho sa ibang bansa at hindi upang manilbihan dito sa atin lalo na sa mga liblib na lugar. Malaking bahagi ng ating sektor pang-edukasyon ay mas nakakapit sa labas ng bansa.

MGA IMPLIKASYON NG DUWALISMO

May kutob akong malawak ang aplikasyon ng penomenong ito sa ating lipunan. Marami pa tayong maidaragdag sa anim na halimbawang tinalakay kung susuriin ang iba pang aspekto ng ating lipunan. Naniniwala din ako na ang duwalismo o kawalan ng integrasyon ay isang pangunahing sanhi ng ating kasalukuyang problemang panlipunan.

Sa layuning sumulong ang bansa, bakit marami ang nagtatawag sa pangangailangan ng pagkakaisa; ng pagkakaroon ng pambansang layunin; ng moral recovery upang gamutin ang nasugatang kultura? Ang probisyon ba sa Konstitusyon tungo sa balanseng pag-unlad ng agrikultura at industriya ay nagpapahiwatig na hindi integrado ang ating ekonomiya?

Ang hindi timbang na biyaya ng kaunlaran ang pangunahing epekto ng kahinaan ng integrasyon. Tunay na maaaring magkaroon ng paglaki ang

ekonomiya sa harap ng duwalismo subalit ang distribusyon ng paglaki ay nagbabadya ng marupok na pagsulong pangmatagalan.

Bunga ng kahinaan ng integrasyon, kumikiling ang biyaya ng kaunlaran sa malalaking industriya sa pormal na sektor sa mga syudad samantalang patuloy na nababaon sa istagnasyon at tradisyon ang kanayunan at mga maliliit na industriya sa sektor impormal. Nauuwi rin ito sa masisiglang kampong nagluluwas o export enclaves, samantalang halos hindi madampian ng pakinabang ang mga lokal na industriya. Nakikinabang din ang mga aral at bihasa sa Ingles at mga Filipinong nagtatrabaho sa apat na sulok ng daigdig. Samantala, halos mangmang ang turing sa mga kababayan natin na hindi marunong makipagkomunikasyon sa Ingles at hinahamak ng katas ng Saudi ang sweldo ng mga guro at iba pang propesyonal dito sa bansa.

Sa kapaligiran ng duwalismo, ang mga patakaran tungo sa internasyonalisasyon ng ating ekonomiya ay hindi lubusang nagiging epektibo. Walang masama sa kasalukuyang pagtataguyod ng pamahalaan sa liberalisasyon ng salapi, kalakalan at pamumuhunan dahil ang integrasyon sa labas ng bansa ay nauuwi sa pagpapatibay ng komparatibong kalamangan ng mga produkto at industriya natin. Subalit ang ganitong patakaran ay hindi gaanong epektibo sa harap ng mahihinang kapit ng mga industriya at kawalan ng integrasyon.

Halimbawa, sa pagtataguyod ng mga exports, inaanyayahan natin ang mga dayuhang pondo upang mangapital sa mga industriyang nagluluwas. Maliban sa empleyong idinudulot, makitid ang kontribusyon nito sa pambansang kagalingan dahil sa malaking bahagi ng kanilang hilaw na materyal ay inaangkat imbes na bilhin sa lokal na industriya. Ang limitadong kapit sa lokal na industriya ay nauuwi rin sa mabagal na paglipat ng teknolohiyang dinadala nila.

Samantala, ang depresasyon ng piso ay maaari sanang mamunga ng mga positibong epekto kung matibay ang integrasyon at mahigpit ang kapit ng mga industriya sa isa't isa. Sa pagtaas ng presyo ng dolyar, pinapaboran ng depresasyon ang ating mga exporters at mga lokal na industriyang kakompetensya ng mga produktong inaangkat. Subalit kung talagang palaasa sa imports ang ating mga industriya at halos walang lokal na kahalili ang mga produktong inaangkat, anumang lawak ng depresasyon ay hindi mauuwi sa sabstitusyon ng mga lokal na produkto. Bagkus, ang nangingibabaw na epekto ng depresasyon ay ang kambal na problemang implasyon-resesyon.

Nariyan din ang pangamba sa pagpasok ng mga dayuhang bangko sa ating ekonomiya bunga ng liberalisasyong external. Makakabuti sa ekonomiya ang malakas na kompetisyon sa pagpasok ng mga dayuhang bangko kung ito ay magbubunga ng malawakang pakinabang sa nakakarami at hindi lamang ang pagbaba ng intermediation cost para sa mga malalaking industriya sa pormal na sektor. Marami ang nagtatanong kung maaapektuhan ng external na liberalisasyon sa pagbabangko ang mga maliliit na negosyong kumukuha

ng pondo mula sa impormal na sektor. Kung ang lalong makikinabang ay mga dayuhang interes at ang pormal na sektor lamang sa programang ito, marami ang nagdadalawang-isip sa pagpapatuloy ng liberalisasyon.

Ang mga halimbawang nabanggit ay nagpapahiwatig na walang masama sa liberalisasyon. Ngunit higit nating malalasap ang mga benepisyo ng liberalisasyon kung mas malakas ang integrasyon ng ekonomiya. Ang anumang negatibong epekto nito ay kayang takpan ng mga benepisyong tumatagos sa lahat halos ng sektor kung integrado ang ekonomiya. Samantala, kung mahina ang integrasyon, ang mga positibong epekto ay nasa ispesipikong lugar at sektor lamang habang ang mga negatibong epekto nito ay maaaring kumalat sa buong ekonomiya.

KONGKLUSYON: TUNGO SA INTEGRASYON NG EKONOMIYA

Talaga nga bang may kinikilingan ang pag-unlad? Ang mga nagsasalita lamang ba ng Ingles dito sa ating bayan, nagtratrabaho sa ibang bansa, mga industriyang nagluluwas, malalaking industriyang nasa pormal na sektor, at mga taga-Maynila lamang ba ang itinakdang magtagumpay sa kasalukuyang kalakaran ng ating ekonomiya? Ito nga ba ang mga benepisyong ipinahihiwatig ng landas ng liberalisasyon at globalisasyon?

Marami sa ating mga ekonomista ang naniniwala na ang daan sa internasyonalisasyon ang magdadala sa atin tungo sa estado ng papaindustriyalisadong ekonomiya. Upang sundan ang oryentasyong ito, isinentro ng pamahalaan ang tema ng empowerment at international competitiveness sa kasalukuyang Medium Term Development Plan (1993-1998).

Ang external na integrasyon ay pinaniniwalaang isang malakas na pwersang magtutulak sa atin upang maging kompetetibo at episyente sa produksyon. Bunga nito, maaaring kumalat ang ating pagiging episyente at madali nang ituwid at ikapit ang marupok na integrasyon sa loob ng bansa. Nakikita rin natin sa pagsulong ng mga bansang papaindustriyalisado dito sa ating rehiyon, na ang alternatibo ng integrasyon sa labas ng bansa ang naging susi sa kanilang mabilis na paglaki. Ang halimbawa ng Singapore, Taiwan, Hongkong, South Korea, Malaysia at Thailand ay malakas na pang-akit sa atin upang yakapin ang landas ng global integration.

Ibinibintang ng ilan na ang dahilan ng mabagal nating pagsulong ay ang pagdadalawang-isip at di-lubusang pagtanggap sa integrasyong internasyonal. Madalas marinig na kulang o hindi sapat ang isinagawang reporma ng pamahalaan tungo sa liberalisasyon.

Sa harap ng pagtatawag ng marami tungo sa external na integrasyon, ano ang nakain ni Tullao at kumakanta ng ibang himig at nagtatawag tungo sa integrasyon sa loob.

Hindi sa ipinaglalaban ko ang oryentasyong panlabas at panloob. Para sa akin, hindi magkatunggali ang mga ito subalit magkomplementaryo. Ang napapansin ko'y hindi na natin binibigyan ng bigat o pagpapahalaga ang panloob na integrasyon at niyayakap na lamang nang walang pasubali ang external na integrasyon. Ngunit, kung nais natin ng malawakan, matagalan, at mapagpantay na pag-unlad, ang panlabas na integrasyon ay kinakailangang isabay sa panloob na integrasyon.

Halimbawa, sa larangan ng pisikal na integrasyon, kakailanganin nating palawakin at itaas ang antas ng imprastruktura sa loob ng bansa at labas ng Maynila nang maging buo ang kapuluan. Kapag mas integrado na ang ekonomiya, lalong magiging atraktibo ang Filipinas, at hindi lamang ang kamaynilaan, sa mga dayuhang kapital. Samakatuwid, ang biyaya ng external na integrasyon ay mas malawak ang nararatnan.

Hindi rin natin pinipigil ang pagluluwas bilang isang alternatibong istratehiya sa pagsulong. Subalit, planuhin at piliin natin ang ating mga exports na may mahihigpit na kapit sa mga lokal na industriya nang hindi ito mauwi sa mga export enclaves. Mas sisigla sana ang ekonomiya sa paglakas ng ating exports kung ang mga balat sa paggawa ng sapatos, tela sa paggawa ng damit, at mga hilaw na materyal sa produksyon ng semi-conductors ay gawa rito sa ating bansa.

Kasama sa integrasyon ng exports ang paghihigpit ng relasyon sa pagitan ng malalaking industriya sa pormal na sektor at maliliit na industriya sa sektor impormal. Ang matagumpay na pagpapatakbo ng sabcontracting sa Japan at Italya ay modelo para sa atin.

Hindi ko rin pinagbabawalan ang pandarayuhan ng mga manggagawa at propesyonal na Filipino sa ngalan ng panloob na integrasyon. Sa isang artikulo ni Gonzalez (1992), ipinanukala niya ang patuloy na migrasyon ng mga manggagawa upang makatulong sa paglikom ng dayuhang salapi at sa problema ng lumalalang disempleyo. Samantala, dapat magbigay ng mga insentibo sa mga propesyonal nang manatili sila sa loob ng bansa kung saan malaki ang kanilang panlipunang kontribusyon.

Sa larangan ng wika, malaki rin ang maitutulong ng bilinggwalismo sa ating integrasyon. Marapat lamang na ipagpatuloy natin ang pag-aaral ng Ingles dahil ito ay isa sa mga batayan natin sa komparatibong kalamangan sa bilihang internasyonal. Subalit ito ay dapat pantayan o sabayan ng pagpapataas ng antas ng Filipino bilang pangunahing wika sa komunikasyon, edukasyon, hustisya at pamahalaan nang ang nakakaraming Filipino ay makasabay sa pag-unlad ng ating lipunan.

Samakatuwid, hindi pinipigil ng internal na integrasyon ang pagpapalaganap ng Ingles, pagpapahina ng ating mga exports, ang pandarayuhan na mga Filipino sa ibang bansa, ang pagpapaunlad ng malalaking industriya at ang pagsulong ng kamaynilaan. Ang buod ng integrasyon ay hindi

magkahilerang sistema ngunit magkaugnay, magkakapit at komplementaryong sistema. Hindi hinahangad ng integrasyon ang elitistang pag-unlad ng iilan, ngunit isang malawakan, matagalan, makapagpantay at maginhawang pamumuhay para sa lahat.

TALASANGGUNIAN

Bhagwati, J. 1984. Development economics, what have we learned? *Asian Development Review* 2:1.

Boeke, J. 1953. *Economics and economic policy of dual societies as exemplified by Indonesia.* New York: Institute of Pacific Studies.

Constantino, R. 1982. *The miseducation of the Filipinos.* Lungsod ng Quezon: Foundation for Nationalist Studies.

Domar, E. 1946. Capital expansion, rate of growth and employment. *Econometrica* 14:137-147.

Fei, J.C.H. at G. Ranis. 1961. A theory of economic development. *American Economic Review.*

Gatchalian, M., M. Gatchalian at N. Barranco. 1986. *Nature, consequences and prospects of underground employment in four cities in Metro Manila.* Lungsod ng Quezon.

Gonzalez, A. 1992. Higher education, brain drain and overseas employment in the Philippines: Towards a differentiated set of solutions. *Higher Education* 23:21-31.

_____. at M.L. Bautista. 1986. *Language surveys in the Philippines 1966-1984.* Maynila: DLSU Press.

Harrod, R. 1939. An essay in dynamic theory. *Economic Journal.* 49:14-33.

Herrle, Peter. 1982. The informal sector: survival economy in the third world metropolitan cities. *Economics- A Biannual Collection of Recent German Contributions to the Field of Economic Science* Vol. 26.

Inkeles, A. at H. Smith. 1976. *Becoming modern: Individual changes in six developing countries.* Cambridge, Mass: Harvard University Press.

Jorgenson, L. 1961. The development of a dual economy. *Economic Journal* 71:309-334.

Kaldor, N. 1957. A model of economic growth. *Economic Journal* 67: 591-624.

Lamberte, M. at J. Balbosa. 1988. Informal savings and credit institutions in the urban areas: The case of cooperative credit unions. Discussion Paper. Philippine Institute for Development Studies.

_____, J. Relampagos, at D. Graham. 1990. Credit unions: An underrated mode of mobilizing and allocating resources in rural areas. Discussion Paper. Philippine Institute for Development Studies.

_____. 1988. An analysis of the role of pawnshops in the financial system. Discussion Paper. Philippine Institute for Development Studies.

_____, at A. Abad Jose. 1988. The manufacturing sector and the informal credit markets: The case of trade credits in the footwear industry. Discussion Paper. Philippine Institute for Development Studies.

Lewis, W.A. Economic development with unlimited supplies of labor. 1954. *Manchester School of Economic and Social Studies* 22: 139-191.

Ligot, E.M., H. Ong, at W. Racaza. 1992. A structural analysis of the 1985 Philippine economy: Its implications on a multi-sectoral economic development strategy. Unpublished thesis. DLSU Economics Department.

Masilungan, C. 1988. The underground economy: Correcting an economic bane. *Philippine Development* 15:3.

Macapagal, M.J. 1989. A way of life in Quiapo: Focus on the street children. Di-lathalang Tesis. Asian Social Institute.

Mendoza, M.E. 1989. A look into the linkages between the formal and informal sector in the Philippines. Di-lathalang Tesis. DLSU. Economics Department.

Paderanga, C. at E. Pernia. 19?. Philippines: The impact of national policy on urban systems. *Urbanization and regional development,* ed. M. Honju. Nagoya, Japan.

Pernia, E. 1988. *The spatial and urban dimension of development in the Philippines.* Philippine Institute for Development Studies.

_____, at A. Herrin. 1986. Factors affecting the choice of location: A survey of foreign and local firms in the Philippines. Pandiskusyong papel. Philippine Institute for Development Studies.

Quesada, Ramon. 1987. The informal sector: A boon or a bane to the economy. *CRC Briefing Folio.* Center for Research and Communication.

Schultz, T. 1964. *Transforming traditional agriculture.* Chicago: The University of Chicago Press.

Solow, R. 1956. A contribution to the theory of economic growth. *Quarterly Journal of Economics* 70:65-94.

Tullao, T. 1990. The role of higher education in Philippine development. *DLSU Dialogue* 24: 36-53.